# Ano ang maitutulong ng lokal na pamahalaan?

Te Korowai Whetū
Social Cohesion

Social Cohesion Guide for Local Government

## Pagiging kabilang sa lokal na pamahalaan

Kumakatawan ang lokal na pamahalaan sa mga lokal na komunidad, tumutulong ito na madama ng mga tao na sila ay kabilang, kasali, maaari nilang ipakita ang tunay nilang sarili at makilahok sa lipunan. Direktang nakikipagtulungan ang mga lokal na konseho (council) sa mga residente tungkol sa mga lokal na isyu, kabilang ang mga solusyong pinamunuan ng komunidad na may mga partikular na programang pangsuporta. Maaaring kabilang sa mga programang ito ang suporta para sa:

- pabahay, kawalan ng tirahan
- pag-access ng mga residenteng may kapansanan
- mga sentrong pangkomunidad
- pagboboluntaryo
- kaligtasan ng komunidad
- magkakaibang mga komunidad ng mga taong Māori, Pasipiko, matatandang mamamayan, kabataan, at mga komunidad ng pananampalataya
- sining at kultura

Anumang komunidad angkinabibilangan mo – maging ito man ay ang inyong kalsada, inyong kapitbahayan, club, propesyonal na samahan, paaralan, lugar ng pagsamba- o grupong pangkultura – masarap madamang ikaw ay kabilang, kasali, naipapakita ang iyong tunay na sarili at bahagi ng isang bagay.

Tayong lahat ay magkakaiba ngunit gusto nating makisamang mabuti, ipagdiwang ang ating pagkakaiba-iba at igalang ang isa't isa kahit hindi

tayo sang-ayon sa kanila. Mahalaga ito dahil hindi lahat ay nakadarama na magagawa nilang maging totoo sa kanilang sarili o nagtitiwalang pakikinggan ang kanilang sasabihin.

Tayo ay higit pang nagiging isang bansa na may iba't ibang komunidad at kailangan nating humanap ng mga paraan upang pakinggan at marinig ang isa't isa. Nais nating tumuon sa pag-unawa sa ating mga pagkakaiba at mga kalakasan at pagsikapang gawin ang makapagbubuklod at mas makapaglalapit sa atin.

## Pagiging kabilang
# – ang anyo nito

Sa isang lipunan kung saan nagkakasundo ang mga tao, kilala natin ang isa't isa, kilala natin ang ating mga kapitbahay, dama nating tayo ay kasali sa ating lugar ng trabaho, at alam natin kung saan tayo pupunta upang humingi ng tulong kung kailangan natin ito. Dama natin na kaya nating makipag-usap sa mga taong hindi natin karaniwang nakakausap, magsalita kapag narinig nating nagsasabi ng mga bagay na mapangdiskrimina ang mga tao, at dama nating malaya tayong makakapagbahagi kung sino tayo, saan tayo nanggaling, at paano natin ginagawa ang mga bagay-bagay. Wala tayong iiwan sa isang krisis - lahat ay kabilang.

## Pagbuo ng higit panng pagkakabilang
# – ano ang iyong magagawa

**Kaya, ano ang magagawa namin sa lokal na pamahalaan upang mapabilang ang mas marami pang tao, tanggapin ang pagkakaiba-iba, makilahok, magtiwala sa iba, madamang may ugnayan at iginagalang?**

### Pagiging kabilang, pagtitiwala sa iba

- makipagtulungan sa mga organisasyong Iwi at pan-Māori, at mga NGO upang lumikha ng mga pamamaraang pinamunuan sa lokal na pook upang tulungang mapabilang ang mga tao, sa lokal na antas.

- maglaan ng oras upang makipagkita sa mga komunidad sa kanilang mga pook sa mga oras na angkop sa kanila upang bumuo ng tiwala at mga ugnayan:
- halimbawa, pinagsasama-sama ng Southern Initiative sa Auckland Council ang mga kawani ng lokal na konseho, pamilya, komunidad, NGO at negosyo upang makahanap ng mga solusyon sa mga hamon sa lipunan at ekonomiya sa South Auckland.

## Pagtanggap sa pagkakaiba-iba, madamang iginagalang

- hikayatan ang mainklusibong pamumuno at pagsasanay sa kakayahang pangkultura para sa mga kawani, at magbigay ng mga naa-access na espasyo para pag-ugnayin ang mga komunidad.
- Kabilang sa mga halimbawa ang:
- pagsali sa Programang Pagsalubong sa Komunidad o Welcoming Communities Programme ng Immigration New Zealand
- paggamit ng programa  sa pagbuo ng kakayahan sa pagkakaiba-iba at pagsasama ng Taituarā (dating Society of Local Government Managers) na 'Leap'.
- paggamit ng Pang-Datos na Serbisyo ng Kagalingang Pangkomunidad o Community Wellbeing Data Service ng Taituarā sa inyong komunidad at kung saan mo maitutuon ang iyong mga pagsisikap upang mapabuti ito.

## Madamang kaugnay

Hikayatin ang mga magkakaiba-ibang grupo na positibong magtulungan upang makapagbigay ng:

- maa-access na ayuda para sa mga kaganapang pangkomunidad na may katapat na mga kinakailangan sa pag-uulat
- libre o may diskuwentong mga serbisyo ng pag-arkila ng sentrong pangkomunidad
- libreng mga kaganapang pangkomunidad
- pagpopondo o libreng espasyo para sa mga kapitbahayan at komunidad upang magdaos ng mga kaganapansa Araw ng Kalapit-bahayan.

## Pakikilahok

- magkaroon ng mas simple at mas madaling ma-access na mga pakikipag-konsultasyon sa mga oras na mainam para sa mga tao (makaraan ang 5:00 ng hapon sa mga karaniwang araw, at Sabado't Linggo), makipag-ugnayan sa mga komunidad na 'mahirap abutin', patatagin ang representasyon ng Māori sa paggawa ng desisyon, at magbigay ng libreng mga workshop sa pambayang edukasyon bago mag-eleksyon o magbigay ng pondo para sa mas malawak na pambayang edukasyon.
- magdaos ng mga impormal na pagpupulong sa Sabado't Linggo tungkol sa pagbuo ng pangmatagalang plano ng lokal na pamahalaan para sa social cohesion.
- alamin ang higit pa tungkol sa Te Reo Māori, sa kasaysayan ng Aotearoa New Zealand at Te Tiriti o Waitangi, gamit ang libreng online na mga app gaya ng Kōrerorero, Kupu at Ako Tahi o magparehistro sa isang kurso sa pamamagitan ng Te Wānanga o Aotearoa, bisitahin ang mga eksibisyong pangkasaysayan sa inyong lokal na museo, o humiram ng mga libro sa inyong lokal na aklatan
- lakas-loob na kipag-usap sa isang taong nagpapakita ng pag-uugaling mapangdiskrimina. Maaaring makatulong ang mga mapagkukunan sa website ng Human Rights Commission (Komisyon sa Mga Karapatang Pantao), gaya ng Responding to Racism (Pagtugon sa Rasismo).
- tingnan ang mga inisyatiba sa pagsasanay para sa mga kawani at iba pang kinatawan.
- mag-aplay para sa pondo sa mga ahensya ng pamahalaan upang mapondohan ang inyong proyektong pangkomunidad, COGS o mga Loterya sa pamamagitan ng sistema ng pamamahala ng mga ayuda o sa pamamagitan ng Programa sa Pagpapa-unlad na Pinamumunuan ng Komunidad o Community-Led Development Programme.

Te Korowai Whetū
Social Cohesion